

Paunang magparehistro kapag **16**. Bumoto kapag **18**.

Available ang online na paunang pagpaparehistro para sa mga kwalipikadong 16 at 17 taong gulang sa **RegisterToVote.ca.gov**.^{*} Magiging aktibo ang rehistro ng mga kabataan sa California na paunang nagparehistro para bumoto kapag naging 18 taong gulang na sila.

1. BISITAHIN ANG



<https://RegisterToVote.ca.gov>

2. PAUNANG MAGPAREHISTRO



I-click ang button ng "Pre-Register to Vote" (Paunang Magparehistro para Bumoto).

3. MAGING 18 TAONG GULANG



Awtomatikong marehistro sa iyong ika-18 Kaarawan.

4. BUMOTO



Ipatala ang iyong balota sa Araw ng Halalan!



Ano ang paunang pagpaparehistro?

Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang at nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikadong botante, puwede kang paunang magpaparehistro para bumoto sa RegisterToVote.ca.gov.

Kumpletuhin lang ang online na aplikasyon sa paunang pagpaparehistro at pagsapit ng iyong ika-18 kaarawan, awtomatiko kang marerehistro para bumoto.



Sino ang kwalipikado para sa paunang pagpaparehistro?

Para paunang magpaparehistro para makaboto, dapat ikaw ay:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos at isang residente ng California,
- 16 o 17 taong gulang,
- Kasalukuyang hindi nakakulong sa pang-estado o pederal na bilangguan dulot ng kumbiksyon sa malubhang krimen (para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa: www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/voting-california/who-can-vote-california/voting-rights-californians), at
- Kasalukuyang hindi nakikitaan ng hukuman na walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto (para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa: www.sos.ca.gov/elections/voting-info/conservatorship).



Paano kung kailangan mong i-update ang iyong address o kagustuhan sa partidong pampulitika bago ka mag-18?

I-update ang iyong impormasyon sa RegisterToVote.ca.gov. Available rin ang mga aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante sa iyong lokal na tanggapan para sa mga halalan ng county, Departamento ng Mga Sasakyang De-makina, at post office.



Para mahanap ang tanggapan para sa mga halalan sa iyong lokal na county, mangyaring bisitahin ang:

www.sos.ca.gov/county-elections-offices



Para matuto nang higit pa tungkol sa paunang pagpaparehistro, bisitahin ang:

www.sos.ca.gov/elections/pre-register-16-vote-18

California | CaliforniaSOS CASOSvote CaliforniaSOS_ Californiasos

Secretary of State

1500 11th Street, Sacramento, CA 95814
www.sos.ca.gov | (800) 339-2957